

GABAY sa Mga Pagtatasang EQA sa Sekundaryong Pag-aaral

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Ontario Secondary School Literacy Test (OSSLT)

Kinukuha ng mga estudyante sa Ontario ang mga pagtatasang buong probinsya, na nauukol sa kanilang kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat at kahusayan sa numero, sa mahahalagang yugto ng kanilang pag-aaral:

Ang Grade 3 na pagbabasa, pagsusulat at matematika, na tinasa sa katapusan ng primary na dibisyon

Ang Grade 6 na pagbabasa, pagsusulat at matematika, na tinasa sa katapusan ng junior na dibisyon


Ang Grade 9 na matematika na tinatasa sa unang taon ng sekundaryong pag-aaral

Ang Grade 10 na kakayahang bumasa at sumulat ay sinusubok bilang pangangailangan

Ang mga pagtatasang ay ibinibigay ng Education Quality and Accountability Office (EQA), isang independiyenteng ahensya ng Ministry of Education.

Tutulungan ka ng polyetong ito na maunawaan ang dalawang pagtatasang EQA na kinukuha ng mga estudyante sa

Ontario sa sekundaryong pag-aaral, at kung paano magagamit ang mga resulta upang tasahin at suportahan ang pag-aaral.



Ano ang nilalaman ng mga pagtatasang EQAO?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Sinusuri ng pagtatasang ito ang kakayahan sa matematika na inaasahang natutunan na ng mga estudyante sa pagtatapos ng Grade 9. Ang iba-ibang bersyon ng pagtatasang ito ay binibigay sa mga academic at applied na mga kurso sa matematika.

OSSLT

Sinusuri ng pagtatasang ito ang inaasahang kakayahan ng mga estudyante sa pagsusulat at pagbabasa, na natutunan ng mga ito sa lahat ng kurso hanggang sa pagtatapos ng Grade 9.

Ang bawat tanong sa bawat pagtatasang EQAO ay direktang ibinabatay sa *The Ontario Curriculum*, na siyang pinag-aaralan ng mga estudyante sa loob ng classroom araw-araw.

Kailan nagaganap ang mga pagtatasa?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Ang mga estudyanteng kumukuha ng mga kurso sa matematika sa unang semestre ay tinatasa sa loob ng dalawang linggo sa buwan ng Enero, ang mga estudyanteng nasa ikalawang semestre o nasa mga kursong nagtatagal ng isang buong taon ay tinatasa sa loob ng dalawang linggo sa huling bahagi ng buwan ng Mayo at unang bahagi ng Hunyo. Tinutukoy ng bawat paaralan ang mga petsa nito sa pagtatasa sa panahon ng pagtatasa.

OSSLT

Sa bawat taon, kinukuha ng lahat ng estudyante sa buong Ontario ang OSSLT sa parehong petsa, karaniwang sa huling bahagi ng Marso o unang bahagi ng Abril.

Kailangan ba talagang mag-aral ng mga estudyante para sa mga pagtatasa?

Hindi. Dahil ang mga pagtatasang EQAO ay ganap na batay sa *The Ontario Curriculum*, hindi ito nangangailangan ng espesyal na paghahanda. Maaaring gamitin ng mga estudyante ang mga halimbawa ng mga materyales sa pagtatasa na makikita sa www.eqao.com upang malaman ang format ng pamprobinsyang pagtatasa at ang mga uri ng tanong na itatanong.

Kailangan bang kunin ng lahat ng estudyante ang mga pagtatasang EQAO?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Kailangang kunin ng lahat ng estudyanteng nagsisikap para sa kanilang academic o applied na credit sa matematika sa Grade 9 ang pagtatasang ito.

OSSLT

Kailangang kunin ng lahat ng estudyanteng nagsisikap makakuha ng Ontario Secondary School Diploma (OSSD) ang pagtatasang ito.

Ang matagumpay na pagtatapos ng OSSLT ay ang pangunahing paraan upang matugunan ang pangangailangan sa karunungan magbasa at magsulat para sa OSSD. Maaaring kunin ng mga estudyante ang OSSLT ng higit sa isang beses. Maaaring kunin ng mga estudyanteng hindi magtatagumpay sa OSSLT ang Ontario Secondary School Literacy Course (OSSLC) upang matugunan ang pangangailang ito sa pagtatapos.

Ang mga estudyanteng may pangangailangan sa espesyal na edukasyon ay pinagbibigyan nang naaayon sa kanilang nakasanayang pagtatasa sa regular na classroom. Ang mga espesyal na probisyon ay maaari ring payagan para sa mga mag-aaral ng Ingles.



Kailan at papaano inilalabas ang mga resulta ng EQAO?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Ang mga resulta ay inilalabas sa Setyembre ng susunod na taon ng pag-aaral.

OSSLT

Ang mga resulta ay inilalabas sa Hunyo ng parehong taon ng pag-aaral.

Matatanggap ng mga estudyante ang Individual Student Report ng EQAO nang direkta mula sa kanilang paaralan.

Ang mga paaralan at ang mga komite ng paaralan ay nakakatanggap ng detalyadong mga ulat tungkol sa mga nakamit [achievement] ng kanilang mga estudyante upang makatulong na ipaalam ito sa kanilang plano sa pagpapahusay. Ang pangkalahatang resulta para sa paaralan at para sa antas ng komite ay makikita ng lahat sa Web site ng EQAO.

Paano inuulat ang mga resulta ng EQAO?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Ang nakamit [achievement] ay ipinapaalam batay sa apat na antas ng pagkamit ng probinsya. Ang mga ito rin ang antas na ginagamit ng mga guro sa classroom at sa mga report card upang maiulat ang pagkamit [achievement] ng estudyante. Ang pamprobinsyang pamantayan ay Antas 3, na tumutugon sa pagkamit na nasa saklaw ng 70 hanggang 79 porsiyento. Ang mga estudyanteng nakakatugon o nakakalampas sa pamantayan (ibig sabihin, nakakamit ng Antas 3 o 4) sa pagtatasa ay nakapagpakita ng karamihan sa o ng lahat ng kaalaman sa matematika, gayundin ang mga kakayahan na inaasahan sa kasalukuyang yugto ng kanilang edukasyon.

OSSLT

Ang OSSLT ay isang pagtatasa na minimum-competency. Kung kaya't ang pagkamit dito ay inuulat bilang "matagumpay" o "hindi matagumpay." Ang mga estudyanteng nagtagumpay ay nakapagpakita ng pinakamababang antas ng kakayahang bumasa at sumulat na inaasahan sa pagtatapos ng Grade 9.

Ang mga resulta ba ng EQAO ay nakakadagdag sa marka ng mga estudyante?

Pagtatasa ng Matematika sa Grade 9

Ang pagtatasang ito ay maaaring bumuo sa 30% ng panghuling marka ng estudyante sa kurso. Ang mga paaralan at/o ang mga komite ng paaralan ang magpapasya kung isasama ang pamprobinsyang pagtatasa at kung gaano kalaki ang magiging bahagdan nito.

OSSLT

Ang mga resulta ay hindi kasama sa grado ng mga estudyante ngunit ang matagumpay na pagtatapos ng OSSLT, o ang alternatibong kurso sa pagbabasa at pagsusulat ay isang pangangailangan para sa diploma ng pagtatapos.

Bakit mahalaga ang mga resulta ng pagtatasa sa EQAO?

Kailangang maging dalubhasa ang mga estudyante sa mga pangunahing kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat at numero, sa kanilang patatapos ng high school at hindi kinikilingan ang resulta ng probinsyal o lokal na mga pagtatasa upang matukoy ito. Nagaganap ang mga pagtatasa sa makatuwirang panahon sa sekundaryong pag-aaral ng mga estudyante upang mas makapagbigay pa ng suporta sa mga hindi nakakaabot sa pinakamababang antas na nakatakda sa pagbabasa at pagsusulat o sa pamantayang itinakda ng probinsya para sa matematika. Maaaring maipaabot ng mga resulta ng EQAO sa plano sa pagpapahusay, sa pamamagitan ng pagtulong nito na matukoy ang mga bahagi ng pag-aaral na maaaring nangangailangan ng higit pang pagtugon.

Mahalaga rin ang mga resulta ng EQAO dahil ito lamang ang pampublikong ebidensya ng achievement na maaaring ihambing para sa lahat ng estudyante sa buong probinsya.

Paano dapat gamitin ang pagtatasang EQAO?

Ang mga resulta ng pagtatasang EQAO ay dapat suriin kasama ng pang-araw-araw na gawain ng estudyante sa classroom, at iba pang impormasyon sa pagtatasa upang matukoy ang mga bahaging nangangailangan pa ng suporta. Para sa mga estudyanteng hindi makakatugon sa pamprobinsyang pamantayan sa matematika, o mga hindi matagumpay sa OSSLT, totoong mahalaga para sa mga guro at magulang na mapag-usapan kung paano magtutulongan upang mas mapaghusay ang pagkamit [achievement] ng estudyante bago ang pagtatapos ng high school.

Bakit nagsasagawa ang Ontario ng mga pagtatasa para sa buong probinsya?

Ang Ontario ay nagsasagawa ng pamprobinsyang pagtatasa upang

- ipaalam ang pagpapahusay ng mga programa sa pagtuturo at mga estratehiya upang matulugang magtagumpay ang lahat ng estudyante at
- mapagtibay ang pananagutan ng sistema ng pampublikong edukasyon.

Bisitahin ang www.eqao.com para sa karagdagang impormasyon.

Education Quality and
Accountability Office



Education Quality and Accountability Office
2 Carlton Street, Suite 1200, Toronto ON M5B 2M9
1-888-327-7377 | www.eqao.com

© 2014 Queen's Printer for Ontario